



# SSI (Settlement Services International) Impormasyon, Mga Ugnayan at Paglilinig ng Kakayahan (ILC)

Nagbibigay ng suporta, nagpapalakas sa mga komunidad



**SSI**  
**Information, Linkages  
and Capacity Building (ILC)**

Providing support, empowering communities

Delivering the NDIS in your community

Filipino

## **Ang ILC ay tungkol sa pagpapalaki ng mga napapabilang na mga komunidad at nakikipag-ugnay sa mga taong may kapansanan sa mga magkaka-akibat na suporta sa kanilang komunidad.**

Bilang isang Tagapag-ugnay ng Lokal na Lugar (LAC), ang SSI ay sumusuporta sa mga taong may edad na 7 hanggang 64 na taon para makagamit ng National Disability Insurance Scheme - NDIS, pati na rin ang mga iba pang serbisyo at suporta sa komunidad.

Mula noong 2014, ang SSI ay sumusuporta sa mga taong may kapansanan, ang kanilang mga pamilya at tagapag-alaga sa pamamagitan ng ilang mga inisiyatibang nakabatay sa komunidad na kagaya ng Ability Links at IgniteAbility® Small Business Start-ups (Pagsisimula ng Maliit na Negosyo). Nagdadala kami ng malawak na kaalaman sa paghahatid ng mga serbisyo sa mga may kapansanan sa buong NSW sa pamamagitan ng kahusayan ng aming mga kawani at mga kalahok at ang kanilang mga kaugnay sa lokal na komunidad.

Kung ang isang tao ay nararapat man o hindi na makatanggap ng suporta ng NDIS, ang mga tagapagdulot ng SSI LAC ay maaaring tumulong na itatag ang mga kasanayan at kaalaman ng mga kalahok, pamilya at tagapag-alaga upang makipag-ugnay sa mga karaniwang serbisyo at mga magkaka-akibat na suporta sa komunidad.



## Pag-uugnay ng mga tao sa impormasyon at suporta sa komunidad

Ang isang ILC Consultant ay tutulong sa mga indibidwal sa paggamit ng NDIS, paghahanda para sa mga pagpupulong ng NDIS sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanila na kilalanin ang mga pansariling layunin at malaman ang tungkol sa mga suportang nakukuha sa kanilang lokal na komunidad.

Ang mga ILC Consultant ng SSI ay mayroong malakas na lokal na kaalaman at nagtatrabaho na kaagapay ang mga komunidad, sumusuporta sa kanila na maging malugod sa pagtanggap at maging napapabilang upang matulungan ang mga may kapansanan na maabot ang kanilang mga layunin.

Ang aming mga kasangguni sa ILC (consultants) ay nagbibigay ng mga online o harapang sesyon ng impormasyon tungkol sa NDIS at LAC. Naghahanda rin sila ng mga workshop sa pagpapalago ng kakayahan upang maturuan at palakasin ang mga kalahok, ang kanilang mga pamilya at tagapag-alaga para gumawa ng mas may kaalamang mga desisyon tungkol sa kanilang mga plano at pagpopondo sa NDIS.

### Ang isang ILC Consultant ay tutulong sa mga tao sa komunidad na:



Maunawaan at magamit ang NDIS



Makilahok sa buhay ng komunidad



Magtatag ng mga umiiral na magkaka-akibat na suporta at bumuo ng mga bago



Maunawaan kung paano gumagana ang NDIS kasama ang ibang mga serbisyo ng Pamahalaan



Kilalanin ang mga layunin at magplano para sa hinaharap

# Nais mong dagdagan ang kaalaman?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at oportunidad sa pakikipagsosyo ng Pakikipag-ugnay sa Lokal na Lugar ng SSI, mangyaring bisitahin ang [www.ssi.org.au/services/local-area-coordination](http://www.ssi.org.au/services/local-area-coordination)

o

Makipag-ugnay sa SSI Intake Team sa pamamagitan ng:



Pagtawag sa **1800 960 975**  
sa pagitan ng 10 ng umaga – 4 ng hapon, Lunes – Biyernes

o



Mag-email sa [lac@ssi.org.au](mailto:lac@ssi.org.au)  
para sa pangkalahatang mga katanungan

Mag-email sa [lacfeedback@ssi.org.au](mailto:lacfeedback@ssi.org.au)  
upang magsumite ng anumang puna

**ndis**

**SSI**  
settlementservices  
international

Delivering the NDIS in your community